**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 3**
**ISSN 3028-0877 | doi 10.69651/2022PIJHSS**

# Pilak-Dinagat: A localized workbook as supplemental material for teaching Asian literature

**Analyn Repique-Calumba**
Surigao del Norte State University
Surigao City, Philippines
Email: analyn.calumba@deped.gov.ph

**Pilmore M. Causing, MA**
Surigao del Norte State University
Surigao City, Philippines
Email: pilmorecausing@gmail.com

ABSTRACT

This study focused on the evaluation and validation of a developed workbook to determine its appropriateness for teaching Filipino 9 (Asian Literature), specifically in the context of literary works from the Dinagat Islands. The objective was to develop a localized version of the Asian Literature module, as the researchers believe that this approach better addresses the cultural awareness and appreciation of students and the local community of Dinagat by integrating untold and undocumented local narratives. Through this research, the lessons are expected to create stronger connections with students, thereby increasing their engagement, understanding, and cultural identity. A descriptive-quantitative research design was used. The workbook was evaluated by five (5) Filipino 9 teachers selected through purposive sampling. Evaluation was conducted using a translated and modified version of the DepEd-LRMDS Evaluation Tool to suit the study's objectives. The responses were analyzed using mean and standard deviation to assess the workbook's effectiveness. Findings revealed that the literary works from Dinagat Islands integrated into the Asian Literature curriculum include parables, anecdotes, elegies, short stories, legends, and epics, all aligned with the learning competencies of Filipino 9. The workbook, titled Pilak-Dinagat, achieved a high-quality rating and was found to be highly acceptable as a supplementary learning material. The study's output—Pilak-Dinagat: A Localized Workbook as Supplemental Material for Teaching Asian Literature—can be distributed and utilized effectively through practical means such as providing printed copies to teachers, uploading digital copies to DepEd's LRMDS, and implementing its use in the Catch-Up Friday program. These strategies aim to ensure that the workbook is accessible, beneficial, and widely adopted. The study recommends its integration in the Asian Literature curriculum and the conduct of further research to assess its instructional impact.

Keywords: localized instructional material, Asian literature, Dinagat Islands

Date Submitted: June 15, 2025
Date Accepted: July 1, 2025
Date Published: July 12, 2025

# Pilak-Dinagat: Isang lokalisadong sanayang aklat bilang suplemental na materyal sa pagtuturo ng panitikang Asyano

**Analyn Repique-Calumba**
Surigao del Norte State University
Surigao City, Philippines
Email address: analyn.calumba@deped.gov.ph

**Pilmore M. Causing, MA**
Surigao del Norte State University
Surigao City, Philippines
Email address: pilmorecausing@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri at-balidasyon ng binuong sanayang aklat upang matukoy ang pagiging angkop nito sa pagtuturo ng Filipino 9 (Panitikang Asyano), partikular sa konteksto ng mga akdang pampanitikan ng Dinagat Islands. Layunin ng pananaliksik na ito na makabuo ng lokalisadong bersyon ng Panitikang Asyano dahil naniniwala ang mananaliksik na mas matutugunan nito ang kamalayan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral at komunidad ng Dinagat sa mga lokal na kuwento na hindi pa natuklasan at naitala. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, inaasahang makapagbibigay ng mas malapit na koneksyon ang mga aralin sa mga mag-aaral, na magpapataas ng kanilang interes, pag-unawa, at kultural na identidad. Ang mananaliksik ay gumamit deskriptibo-kwantitatibong disenyo ng pananaliksik. Ang mga tagasuri ng sanayang aklat ay limang (5) guro ng Filipino 9 na napili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang ebalwasyon ay isinagawa gamit ang DepEd-LRMDS Evaluation Tool na isinalin sa Filipino at minodipika upang umangkop sa layunin ng pananaliksik. Ang mga tugon ay sinuri gamit ang mean at standard deviation upang matukoy ang kabuluhan ng sanayang aklat. Batay sa natuklasan, ang mga akdang pampanitikan mula sa Isla ng Dinagat na isinama sa sanayang aklat upang mailapat sa Panitikang Asyano ay ang mga sumusunod: parabula, anekdota, elehiya, maikling kuwento, alamat, at epiko, na isinama batay sa kaugnayan sa mga kasanayang pampagkatuto ng Filipino 9. Ang sanayang aklat ay may mataas na pinakamataas na kalidad at may lubos na katanggap-tanggap ng pagiging angkop bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino 9. Ang mga awtput ng pananaliksik na ito ay Pilak-Dinagat: Isang Lokalisadong Sanayang Aklat bilang Suplemental na Materyal Sa Pagtuturo ng Panitikang Asyano. Maipapamahagi, mapapalaganap, at mapapadali ang paggamit ng aklat sa mga guro at mag-aaral sa pamamagitan ng mga konkretong hakbang tulad ng pamamahagi ng printed copies sa mga guro, pagbibigay ng digital na kopya sa LRMDS ng DepEd, at paggamit nito sa programang Catch Up Friday. Sa pamamagitan ng mga ito, masisigurong magiging kapaki-pakinabang at naaabot ang paggamit ng Sanayang Aklat na Pilak-Dinagat Inirekomenda na gamitin at ilapat ang Sanayang Aklat sa pagtuturo ng Panitikang Asyano, at isagawa ang karagdagang pag-aaral upang masukat ang bisa nito.

## PANIMULA

Sa patuloy na pag-inog ng mundo, patuloy din na umuunlad at nagbabagoang anyo at nilalaman panitikan. Ang panitikan ay mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan bilang isang bansa. Sa asignaturang Filipino, partikular sa Panitikang Asyano sa ika-9 na baitang, binibigyang-pansin ang panitikan ng mga karatig-bansa upang palawakin ang pananaw ng mga mag-aaral sa iba't ibang kultura. Gayunpaman, sa kabila ng malawak na saklaw ng Panitikang Asyano, madalas na napapabayaan ang integrasyon ng sariling panitikan ng mga mag-aaral, na siyang maaaring magbigay ng mas malalim na koneksyon sa kanilang pag-aaral.

Ayon sa pag-aaral ni Field (2024), ang paggamit ng localized supplementary instructional materials ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Napatunayan na ang mga mag-aaral na gumamit ng mga lokal na materyales ay mas nakamit ang inaasahang kasanayan kumpara sa mga hindi gumamit nito.Samantala, sa pananaliksik nina Lapatha at Cuajao (2024), napatunayan na ang KonteksFil ay nagdulot ng pagbuti sa pagganap ng mga mag-aaral mula "Average" patungong "Moving Towards Mastery," na nagpapakita ng bisa ng lokalisadong na pagtuturo sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagtaas ng motibasyon sa pag-aaral.

Sa kabila ng mga pagsisikap na gawing mas kontekstuwalisado ang pagtuturo ng Filipino, may kakulangan pa rin sa mga instructional materials na tumatalakay sa panitikan ng Dinagat Islands sa konteksto ng Filipino 9. Sa kasalukuyan, karamihan sa mga ginagamit ay nakatuon lamang sa Panitikang Asyano mula sa mga bansang Tsina, India, at Hapon, subalit hindi isinasaalang-alang kung paano ito maaaring iugnay sa lokal na kultura ng mga mag-aaral sa Dinagat. Isang indikasyon na ang kasalukuyang estado ng pagtuturo ng Filipino 9 ay may mga hamon sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral, na maaaring makita sa mababang Mean Percentage Scores (MPS). Ang mababang MPS ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mga interbensyon upang mapabuti ang pagkatuto at akademikong pagganap.

Layunin ng pag-aaral na ito na makabuo ng isang lokalisadong sanayang aklat—ang PILAK-DINAGAT—na maaaring gamitin bilang suplemental na material o interbensyon sa pagtuturo ng Filipino 9. Ang nasabing sanayang aklat ay maaaring gamitin ng mga guro tuwing Catch-Up Friday upang matugunan ang mga kakulangan sa kasanayan at mapalakas ang koneksyon ng mga mag-aaral sa sariling panitikan. Sa pamamagitan ng lokal na kontekstong nilalaman ng aklat, inaasahang lalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral, tataas ang interes sa pag-aaral, at higit na mapahahalagahan ang yaman ng panitikang Pilipino.

### Paglalahad ng suliranin

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong makabuo at masuri ang isang lokalisadong sanayang aklat na pinamagatang “PILAK-DINAGAT” bilang suplemental na materyal sa pagtuturo ng Filipino 9 (Panitikang Asyano). Layunin nitong matukoy ang pagiging angkop ng nasabing aklat sa pagtuturo, partikular sa konteksto ng mga akdang pampanitikan mula sa Dinagat Islands. Sa pagsasakatuparan ng pag-aaral, sinikap nitong sagutin ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Anu-ano ang mga akdang pampanitikan mula sa Isla ng Dinagat na maaaring isama sa lokalisadong sanayang aklat na Pilak-Dinagat upang magsilbing suplemental na materyal sa

pagtuturo ng Panitikang Asyano, alinsunod sa mga tiyak na Kasanayang Pampagkatuto ng Filipino 9?

2. Ano ang kalidad ng sanayang aklat na Pilak Dinagat batay sa pagsusuri?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Deskriptibong- Kwantitatibong Disenyo ng Pananaliksik.Ang deskriptibong bahagi ay nakatuon sa pagtukoy ng mga akdang pampanitikan mula sa Isla ng Dinagat na isinama sa sanayang aklat upang mailapat sa Panitikang Asyano batay sa mga tiyak na kasanayang pampagkatuto ng Filipino 9. Sa kwantitatibong bahagi, sinuri ang kabuluhan ng sanayang aklat na "Pilak Dinagat" batay sa mga sumusunod na aspeto: Pagsunod sa Karapatang Intelektuwal, Kasanayang Pampagkatuto, Disenyong Pampagtuturo at Organisasyon, Kalidad ng Pagtuturo, Pagtataya, at Readability. Ginamit ang purposive sampling upang piliin ang limang (5) gurong eksperto sa Filipino 9 na nagsilbing mga tagasuri.

Ang mga tagatugon sa pag-aaral ay mga eksperto sa panitikan ng Dinagat, mga lokal na guro, at mga residente ng isla mula sa limampu't limang (55) taong gulang pataas na may malalim na kaalaman at karanasan sa mga lokal na tradisyon at kasaysayan.

Ang mga tagasuri ng pag-aaral na ito ay mga ekspertong guro ng Filipino 9 mula sa Dibisyon ng Isla ng Dinagat Islands. Sila ay pinili batay sa kanilang karanasan sa pagtuturo ng Panitikang Asyano at kasanayang pampagkatuto ng Filipino 9. Bilang mga Regional Writers at Division Evaluators may kakayahang sumuri ng nilalaman, magtasa ng materyales, at magbigay ng makabuluhang rekomendasyon. Ang kanilang obhetibong pagsusuri ay nagbibigay ng tiwala at katatagan sa ebalwasyon ng sanayang aklat.

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa loob ng ikalawang semestre ng akademikong taon 2024–2025. Saklaw nito ang pangangalap ng datos, pagsusuri ng resulta, at pagbibigay ng rekomendasyon para sa pagpapabuti ng sanayang aklat.

Ang instrumentong ginamit upang matukoy ang kalidad ng sanayang aklat ay isang evaluation tool mula sa Learning Resource Management and Development System (LRMDS) ng Department of Education (DepEd).

Ang mananaliksik ay humingi muna ng liham pahintulot sa Governor ng lalawigan ng Isla ng Dinagat upang maisagawa ang pakikipanayam sa nasasakupan.Matapos makuha ang pahintulot, nagsasagawa ng pakikipanayam ang mananaliksik sa mga taong kukuhaan ng mga impormasyon para makabuo ng sanayang aklat. Sa pagkabuo ng sanayang aklat,humingi ng pahintulot ang mananalisik sa Superintendent ng Dibisyon upang gawing tagasuri ang piling guro. Sa pagsusuri ng mga ekspertong guro sa Filipino 9 ay gumamit ng evaluation tool. Ang mga tagasuri ay mga Regional Writers at Division Evaluators may kakayahang sumuri ng nilalaman, magtasa ng materyales, at magbigay ng makabuluhang rekomendasyon. Ang kanilang obhetibong pagsusuri ay nagbibigay ng tiwala at katatagan sa ebalwasyon ng sanayang aklat. Matapos ay ang pagpasa ng mga nakalap na datos upang maproseso at maanalisa ang resulta.

Ang pag-aanalisa ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng paggamit ng deskriptibong estadistika. Ang mga tugon ay sinuri gamit ang descriptive statistics na mean at standard deviation.

Mean ay ang kasangkapang ginamit upang matukoy ang average na kalidad ng sanayang aklat batay sa mga tugon ng mga tagasuri.

Standard Deviation ay ginamit upang masukat ang pagkakaiba-iba ng mga tugon ng mga tagasuri, na nagpapakita kung gaano kalapit o kalayo ang mga sagot sa average na iskor.

## MGA RESULTA AT PAGTATALAKAY

### Mga akdang pampanitikan ng Isla ng Dinagat

Ang naunang suliranin sa pag-aaral na ito ang pagtukoy ng mga akdang pampanitikan mula sa Isla ng Dinagat na maaaring isama sa sanayang aklat para sa Filipino 9. Sa pamamagitan ng content mapping, napili ang mga akdang pampanitikan na hindi lamang tumutugma sa mga kasanayang pampagkatuto ng Filipino 9 kundi nagbibigay-diin din sa lokal na kultura ng Isla ng Dinagat. Ang mga akdang ito ay maingat na sinuri upang matiyak na angkop ang mga ito sa antas ng pag-iisip at damdamin ng mga mag-aaral sa Baitang 9 — hindi labis na pambata o pangmatanda. Sa halip, naglalaan ang mga ito ng makabuluhang pagkakataon para sa mga mag-aaral na maunawaan ang sariling kultura habang pinag-aaralan ang Panitikang Asyano. Ang pagkakaiba-iba ng bilang ng kasanayang pampagkatuto sa bawat akda ay nagpapakita ng pag-aangkop batay sa genre at layunin ng pagtuturo, alinsunod sa kurikulum ng Filipino 9.

### Kalidad ng sanayang aklat na Pilak Dinagat batay sa pagsusuri

Ang kabuuang kalidad ng Sanayang Aklat na Pilak Dinagat batay sa anim na aspeto: Pagsunod sa Karapatang Intelektuwal, Kasanayang Pampagkatuto, Disenyong Pampagtuturo at Organisasyon, Kalidad ng Pagtuturo, Pagtataya, at Readability. Batay sa pagsusuri, ang kabuuang average ay 3.82 na may standard deviation na 0.296, na may interpretasyong "Lubos na Katanggap-tanggap" at Qualitative Description na "May Pinakamataas na Kalidad."

Ipinapakita ng mga resulta na ang sanayang aklat ay maayos ay maayos, sistematiko, at

Sa kabuuan, ang mataas na resulta sa bawat kategorya ay nagpapakita na ang Sanayang Aklat na Pilak Dinagat ay may mataas na kabuluhan at naaayon sa mga pamantayan ng edukasyon sa Filipino 9.

Sa aspeto ng Kalidad ng Pagtuturo, ang mean na 3.83 ay sumasalamin sa pagiging makatuwiran, napapanahon, at walang kamalian sa impormasyon ng sanayang aklat. Ang mataas na markang ito ay nagpapakita ng maingat na pagbuo ng nilalaman na nakabatay sa tama at mapagkakatiwalaang impormasyon, na mahalaga sa paghubog ng tiwala ng mga mag-aaral at guro sa gamit ng aklat bilang pangunahing sanggunian.

May interpretasyong "Lubos na Katanggap-tanggap" at Qualitative Description na "May Pinakamataas na Kalidad," ang resulta ay nagsasaad na ang aklat ay isang kapani-paniwala at kapaki-pakinabang na kagamitang pampagtuturo. Samantala, sa aspeto ng Pagtataya, nakakuha ang aklat ng mean na 3.73, na may "Lubos na Katanggap-tanggap" at "May Pinakamataas na Kalidad" na interpretasyon.

Ipinapakita ng datos na ang sanayang aklat ay nagbibigay ng malinaw na mga gabay, halimbawa, rubrik, at iba't ibang uri ng pagtataya, tulad ng formative, summative, at self-check activities.Ang mga ito ay mahalaga sa pagsusuri ng kaalaman, kasanayan, at pag-unlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito ang kahusayan ng aklat sa aspeto ng assessment literacy—isang mahalagang bahagi ng epektibong pagtuturo at pagkatuto.

Sa aspeto naman ng Readability, ang mean na 3.95 at napakababang standard deviation na 0.112 ay nagpapakita ng pagiging naaangkop ng bokabularyo, estruktura, at lohikal na daloy ng mga ideya sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang resulta ay may interpretasyong "Lubos na Katanggap-tanggap" at Qualitative Description na "May Mataas na Kalidad," na nagpapakita na ang aklat ay madaling basahin, unawain, at gamitin—isang mahalagang salik sa pagtuturo ng panitikan at wika sa Sekondarya. Ang malinaw na estilo ng pagsulat at organisadong presentasyon ay nakatutulong sa mas mabilis at mas malalim na pag-unawa.

Sa kabuuan, ang mataas na resulta sa bawat kategorya ay nagpapakita na ang Sanayang Aklat: Pilak Dinagat ay may pinakamataas na kalidad at ganap na naaayon sa mga pamantayan ng edukasyon sa Filipino 9. Ang mga datos ay nagbibigay ng matibay na ebidensya na ang aklat ay hindi lamang tumutugon sa teknikal na pamantayan kundi nagpapamalas din ng mataas na kalidad sa aspeto ng nilalaman, estruktura, at layuning pedagogikal. Kaya,maituturing ang aklat na ito bilang isang huwarang kagamitang pampagtuturo na sumusuporta sa mas makabuluhang, makabansa, at makataong edukasyon.

## KONKLUSYON

Ang mga akdang pampanitikan mula sa Isla ng Dinagat ay naaangkop at makabuluhan para sa pagtuturo ng Panitikang Asyano sa Baitang 9. Ipinapakita ng mga akdang ito ang mayamang kultura, kasaysayan, at karanasan ng mga taga-Dinagat, na nagbibigay ng lokal na kulay at kontekstuwalisasyon sa mga araling pampanitikan. Ang Sanayang Aklat na Pilak Dinagat ay may mataas na kabuluhan sa iba't ibang aspeto, kabilang ang pagsunod sa karapatang intelektuwal, kasanayang pampagkatuto, disenyong pampagtuturo at organisasyon, kalidad ng pagtuturo, pagtataya, at readability. Ito ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa mga guro na nagsuri sa materyal.

Ang awtput ng pananaliksik ay ang Sanayang Aklat na Pilak-Dinagat, na idinisenyo bilang lokal at de-kalidad na suplemental na materyal para sa Filipino 9. Napatunayang ito ay kapaki-pakinabang sa mga guro, lalo na sa mga lugar na may limitadong internet access, at maaaring gamitin sa mga programang gaya ng Catch Up Friday. Sa kabuuan, ang aklat ay nagsisilbing praktikal na interbensyon na tumutugon sa pangangailangan

## TALASANGGUNIAN

Andrada, M. F. C. (2022). Pagbabanyuhay: Teknolohiyang Neoliberal at Panitikang Digital sa Pilipinas Metamorphosis: Neoliberal Technology and Digital Literature in the Philippines. *TalastÃsan: A Philippine Journal of Communication and Media Studies*, *1*(1), 1-1.

Aspillaga, E. D. (2021). Paghahanda at Balidasyon ng Strategic Intervention Material (SIM) Para sa Paglinang ng Kasanayan sa Mapanuring Pagbasa (Development and Validation. The ASTR Research Journal, 5(1), 1-1.

Beringuel, M. L. A., & Garma, J. C. (2023). Kuwentong-bayan sa ugat-pangalan ng mga piling barangay sa San Fernando. International Journal of Research Studies in Education, 12(7), 21-26. https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.46

Dela Peña, J. M. I. (2023). Pagbuo at Balidasyon ng Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino sa Kolehiyo. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(2). https://eprajournals.com/IJMR/article/10063/download

Department of Education. (n.d.). Guidelines on the Quality Assurance of Learning Resources. Retrieved from https://www.scribd.com/document/537963170/Guidelines-on-the-Quality-Assurance-of-Learning-Resources

Estera, J. E. D., & Janer, S. S. (2022). Balidasyon Ng MELC-based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik. Puissant, 3, 366-380.

Field, J. T. TAGLE (Transformation Acquired from Good Learning Environment): The Developed Localized Supplementary Instructional Materials For Araling Panlipunan 9 Learners In Los Baños National High School-Poblacion.

Imperial, J. M., & Ong, E. (2021). Under the microscope: Interpreting readability assessment models for Filipino. arXiv preprint arXiv:2110.00157.

Jusayan,C.V., (2021). Kulturang Popular: Kasangkapan sa Pagtuturo ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.17659.44325

Lapatha, L., & Cuajao, J. (2024). Pagtatasa sa Paggamit ng KonteksFil sa Pagtuturo ng Filipino 11 ng Marigondon National High School, Lapu-lapu city, Cebu. UB Advancing Filipino Research Journal, 1(1), 101-115.

Misa, R. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng grade 9 laboratory high school ng President Ramon Magsaysay State University. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 58-68.

Nacorda, R. F. T., & Garma, J. C. (2023). Forda Ferson: Implikasyon sa umuusbong na kulturang popular. International Journal of Research Studies in Education, 12(1), 7-13. https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.371

Raganit, A. A. (2021). A Comparative Analysis of Mean Percentage Scores (MPS) of Senior High School Classes. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 2(7), 587-590.

Villanueva, V., Malabanan, J., Abenes, R., Payapaya, R., & Palting, J. (2023). Pagbuo ng Lunsarang Aralin at Gawain sa Ugnayang Wika't Lipunan Bilang Interbensiyon sa Bagong Kadawyan sa Antas Primarya (Developing Lesson Plans and Activities on Language and Society Integration as an Intervention in the New Curriculum at the Primary Level). The Normal Lights, 17(1).